# Proseso ng Apela

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Kailan at paano ako makakasampa ng apela? | 1 |
| Ilang antas ng apela mayroon? | 2 |
| Magpapatuloy ba ang aking desisyon? | 3 |
| May makakatulong ba sa akin? | 3 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 4 |


Gustong tiyakin ng Social Security na ang bawat desisyong ginawa tungkol sa iyong kapansanan o Supplemental Security Income (SSI) application ay tama. Maingat naming ikinokonsidera ang lahat ng impormasyon sa iyong kaso bago kami magsagawa ng anumang mga desisyon na nakaka-apekto sa iyong pagiging karapat-dapat o sa halaga ng benepisyo mo.

Kapag kami ay nagdesisyon sa iyong claim, magpapadala kami sa iyo ng isang sulat na nagpapaliwanag sa aming desisyon. Kung hindi ka sumasang-ayon sa aming desisyon, maaari kang magsampa ng isang apela — iyon ay, hilingin sa amin na balikan muli ang iyong kaso.

Kapag kayo ay humiling ng isang apela, aming titingnan ang buong desisyon, kahit iyong mga parte na nasa pabor mo. Kung mali ang aming desisyon, babaguhin namin ito.

## Kailan at paano ako makakasampa ng apela?

Kung kamakailan kang tinanggihan para makatanggap ng mga benepisyo mula sa Social Security para sa mga medikal o di medikal na dahilan, maaari kang humiling ng isang apela. Ang iyong kahilingan ay dapat nasa isang kasulatan at natanggap sa loob ng 60 araw mula sa petsa nang matanggap mo ang sulat na naglalaman ng aming desisyon.

Maaari mo kaming tawagan at humingi ng isang appeal form (Form SSA-561). Ang pinakamabilis at pinakamadaling paraan para magsampa ng isang apela sa naging desisyon sa iyo ay sa pamamagitan ng pagbibista sa ***www.socialsecurity.gov/disability/appeal***. Maaari kang magsampa online at magkaloob ng mga dokumento sa electronic na paraan

para suportahan ang iyong apela. Maaari kang magsampa ng isang apela online kahit na ikaw ay nakatira sa labas ng Estados Unidos.

## Ilang antas ng apela mayroon?

Karaniwan, mayroon apat na antas ng apela. Ang mga ito ay:

- Muling pagsasaalang-alang;
- Pagdinig ng isang administrative law judge;
- Pagrerepas ng Appeals Council (Konseho para sa Apela); at
- Pagrerepaso ng Pederal na korte.

Kapag nagpadala kami sa iyo ng isang sulat tungkol sa isang desisyon sa iyong application, sasabihin namin sa iyo kung paano mag-apela sa desisyon.

### Muling Pagsasaalang-alang

Ang muling pagsasaalang-alang ay isang kumpletong pagrerepaso sa iyong claim ng isang tao na hindi naging bahagi ng unang pagdedesisyon. Aming susuriin ang lahat ng mga katibayang naisumite nang naibigay ang orihinal na desisyon, at anumang bagong katibayan.

Ang karamihan sa mga muling pagsasaalang-alang ay kinabibilangan ng isang pagrerepaso sa iyong mga file nang walang pangangailangan na naroroon ka. Ngunit kapag ikaw ay nag-apela sa isang desisyon na hindi ka na karapat-dapat para sa mga benepisyo para sa may kapansanan dahil ang iyong medikal na kondisyon ay humusay, maaari kang makipagkita sa kinatawan ng Social Security at ipaliwanag kung bakit ka naniniwala na mayroon ka pa ring kapansanan.

### Pagdinig

Kung di ka sumasang-ayon sa muling pagsasaalang-alang na desisyon, maaari kang humiling ng isang pagdinig. Ang pagdinig ay isasagawa ng isang administrative law judge na walang naging parte sa orihinal na desisyon o sa muling pagsasaalang-alang ng iyong kaso.

Ang pagdinig ay karaniwang ginagawa sa loob ng 75 milya mula sa iyong tirahan. Sasabihin sa iyo ng administrative law judge ang oras at lugar ng pagdinig.

Bago ang pagdinig, maaari naming hilingin sa iyong mabigay ng mas maraming katibayan at linawin ang impormasyon tungkol sa iyong claim. Maaari mong tingnan ang impormasyon sa iyong file at magbigay ng bagong impormasyon.

Sa pagdinig, magtatanong sa iyo ang administrative law judge at ang mga saksing maaari mong dalhin. Ang iba pang mga saksi, tulad ng mga medikal at vocational na dalubhasa, ay maaaring magbigay rin sa amin ng impormasyon sa pagdinig. Ikaw o ang iyong kinatawan ay maaaring magtanong sa mga saksi.

Sa ilang mga situwasyon, maaaring naming isagawa ang iyong pagdinig sa pamamagitan ng isang video conference kaysa sa personal. Pauna naming sasabihin sa iyo kung ganito ang mangyayari. Sa mga video hearing, maaaring gawin naming mas madali para sa iyo ang pagdinig. Madalas na puwedeng i-schedule ang pagpapakita sa isang video hearing. At, maaaring mas malapit sa tirahan mo ang lokasyon ng video hearing. Maaaring mapadali para sa iyo na magkaroon ng mga saksi o iba pang mga taong samahan ka.

Madalas ay sa pakinabang mo ang pagdalo sa isang pagdinig (nang personal o video conference). Ikaw at ang iyong kinatawan, kung mayroon ka, ay dapat magpunta sa pagdinig at ipaliwanag ang iyong kaso.

Kung hindi ka makakadalo sa isang pagdinig o hindi ito gustong gawin, kailangan mo sabihin sa amin sa pamamagitan ng isang kasulatan sa lalong madaling panahon. Maliban na lang kung naniniwala ang administrative law judge na ang iyong pagdating ay kinakailangan para pagpasyahan ang iyong kaso at hinihiling kang dumalo,  kailangan mong magpunta. O maaari kaming magsagawa ng iba pang kaayusan para sa iyo, tulad ng pagbabago sa oras o

*(kabila)*

lugar ng pagdinig. Mayroon kang mabuting dahilan para makapagsagawa kami ng iba pang mga kaayusan.

Makalipas ang pagdinig, ang hukom ay magdedesisyon batay sa lahat ng impormasyon sa iyong kaso, kasama ang anumang bagong impormasyong mayroon kami. Kami ay magpapadala sa iyo ng isang sulat at kopya ng desisyon ng hukom.

### Appeals Council (Konseho para sa Apela)

Kung di ka sumasang-ayon sa desisyon ng pagdinig, maaari kang humiling ng isang pagrerepaso mula sa Appeals Council (Konseho para sa Apela) ng Social Security. Malugod kaming tutulong sa iyong hilingin ang pagrerepaso na ito.

Tinitingnan ng Appeals Council (Konseho para sa Apela) ang lahat ng mga kahilingan na dapat irepaso, ngunit maaaring tanggihan ang isang kahilingan kung naniniwala itong ang desisyon sa pagdinig ay wasto. Kung nagpasya ang Appeals Council (Konseho para sa Apela) na repasuhin ang iyong kaso, magpapasya sila mismo sa kaso mo o isasauli ito sa administrative law judge para lubos pang repasuhin.

Kung tanggihan ng Appeals Council (Konseho para sa Apela) ang iyong kahilingan para irepaso, magpapadala kami ng isang sulat na nagpapaliwanag sa pagtanggi. Kung repasuhin ng Appeals Council ang iyong kaso at sila mismo ang magdesisyon, magpapadala kami ng kopya ng isang desisyon. Kung isauli ng Appeals Council ang iyong kaso sa isang administrative law judge, magpapadala kami ng sulat sa iyo at isang kopya ng kautusan.

### Pederal na Korte

Kung di kayo sumasang-ayon sa desisyon ng Appeals Council (Konseho para sa Apela), o kung ang Appeals Council (Konseho para sa Apela) ay nagpasyang di repasuhin ang inyong kaso, maaari kang magsampa ng kaso sa isang federal District Court. Ang sulat na ipapadala namin sa iyo tungkol sa kilos ng Appeals Council (Konseho para sa Apela) ay magsasabi rin sa iyo kung paano hilingin sa korte na tingnan ang iyong kaso.

## Magpapatuloy ba ang aking desisyon?

Sa ilang mga kaso, maaari mong hilingin sa aming ipagpatuloy ang pagbabayad sa iyong mga benepisyo habang kami ay magdedesisyon sa iyong apela. Maaari mong hilingin ang iyong mga benepisyo na magpatuloy kung:

- Ikaw ay nag-a-apela sa aming desisyon na hindi ka na makakatanggap ng mga benepisyo sanhi ng kapansanan mula sa Social Security dahil sa hindi hahantong sa kapansanan ang iyong medikal na kondisyon; o
- Ikaw ay nag-a-apela sa aming desisyon na hindi ka na karapat-dapat para sa mga bayad ng SSi o ang iyong SSI na kabayaran ay nararapat na bawasan o isuspinde.

Kung gusto mong ang iyong mga benepisyo ay magpatuloy, kailangan mong sabihin sa amin sa loob ng 10 araw ang petsa nang matanggap mo ang aming sulat. Kung tinanggihan ang iyong apela, maaaring kailangan mong bayaran pabalik ang anumang pera na hindi karapat-dapat na matanggap mo.

## May makakatulong ba sa akin?

Oo. Maraming mga tao ang namamahala ng saril nilang mga apela sa Social Security nang may libreng tulong mula sa Social Security. Ngunit maaari kang pumili ng isang abogado, isang kaibigan o iba pang tao na tulungan ka. Ang ibang taong itinalagang tutulong sa iyo ay tinatawag na iyong "kinatawan". Kami ay makikipagtulungan sa iyong kinatawan, tulad nang gagawin namin sa iyo. Ang iyong kinatawan ay kikilos sa ngalan mo sa karamihan ng mga bagay-bagay hinggil sa Social Security at tatanggap ng kopya ng anumang desisyon namin tungkol sa iyong application.

*(kabila)*

Hindi maaaring maningil o mangkolekta ng singilin ang iyong kinatawan mula sa iyo nang hindi muna nakakatanggap ng nakasulat na aprubasyon mula sa Social Security. Kung nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng isang kinatawan, humingi ng *Your Right To Representation (Iyong Karapatan para sa Isang Kinatawan)* (Publication No. 05-10075) o mahahanap mo ito sa aming website.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10041-TL | January 2017
Proseso ng Apela
The Appeals Process (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito